ACTIVITY

A. Bilugan ang Tama kung ang pangungusap ay totoo at Mali naman kung ito ay hindi totoo. Kung ang pangungusap ay mali, guhitan ang (mga) salita na nagpamali dito.

1. Nakinig at sumunod si Abraham sa Diyos nang sinabi sa kanya na lisanin ang bahay ng kanyang ama. **TAMA** **MALI**
2. Naniwala si Sara na siya ay magkakaanak nang marinig niya ito. **TAMA** **MALI**
3. Ang mga ari-arian ni Abraham ay nabawasan. **TAMA** **MALI**
4. Ang anak ni Abraham ay tinawag na ama ng maraming bansa. **TAMA** **MALI**
5. Pinagkalooban ng Diyos ng isang anak na babae ang mag-asawang Abraham at Sara, gaya ng Kanyang ipinangako. **TAMA** **MALI**

B. Kulayan ang larawan.



Ayon sa panahong sinabi ng Diyos, si Sara nga ay nagdalang-tao at nanganak ng isang lalaki, kahit matanda na noon si Abraham.
Genesis 21:2

Maraming pagkakataon naranasan ni Abraham ang katapatan ng Diyos. Ang lahat ng Kanyang pangako ay tinupad Niya bagamat minsan hindi ito agad-agad na pinagkaloob ng Diyos. Tandaan na walang imposible sa Diyos. Mangyayari ang Kanyang sinabi at mga pangako kailangan lang ay magtiwala tayo at maghintay sa Kanya.

C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong.

Ang pamilya ni Clara ay nakaka-angat sa buhay. Ang kanyang mga magulang ay may sariling negosyo kaya naman siya ay nakakapag-aral sa isang pribadong paaralan at paminsan minsan ay napagbibigyan ng magulang ang kaniyang mga hilig. Sa hindi inaasahang pangyayari ay nagkaroon ng pandemya bunga ng virus kaya't nagdesisyon ang gobyerno na magkaroon ng lock down. Dahil sa pangyayari, nalugi ang negosyo nila Tatay Kiko at Nanay Jenny kaya't napilitan sila itong isara. Ang kanilang kaunting naipon ay sapat lamang sa pangaraw-araw na gastusin.

Tatay Kiko: *Anak, sa pasukan hindi ka namin ma-eenroll sa dati mong school. Hindi maganda ang dinulot ng pandemya sa ating kabuhayan kaya naman kailangan muna natin maghigpit ng sinturon.*

Clara: *Okay lang po 'tay, naiintindihan ko naman po na may mga iba pa tayong dapat pagkagastusan. Paano na ang pagpapagamot mo nanay?*

Ang pag-aalalang tanong ni Clara sa kanyang ina.

Nanay Jenny: *Huwag mo nang alalahanin yan anak. Ang Diyos ang magpro-provide ng ating mga pangangailangan. Kailangan lang magtiwala tayo sa Kanya.*

Parami ng parami ang mga maliliit na negosyo na nagsasara ngunit nagsikap ang mag-asawa na sumubok pa rin magsimula ng hanap-buhay na maaari nilang pagkakitaan. Kasama nito ay ang patuloy na pagdadasal at pagtitiwala ng buong pamilya ni Tatay Kiko sa mga pangako at salita ng Diyos. Ito ang lagi nilang pinanghahawakan sa araw-araw.

Sa bawat linggo na nagdadaan, nakita at naranasan ng pamilya ang kabutihan at katapatan ng Diyos sa kanila. Kailanman ay hindi sila nagkulang sa pangaraw-araw na pangangailangan gayon din ang iba pang gastusin gaya ng pagpapagamot ni Nanay Jenny.

Tanong:
Anong magandang katangian o pag-uugali ang maaari mong matutuhan sa bawat tauhan?

Tatay Kiko:

Nanay Jenny:

Clara:

Ang pamilya ni Clara ay nagtiwala na hindi sila pababayaan ng Diyos. Bagamat parang imposible na magkaroon ng pagkakakitaan sa panahon ng pandemya, hindi ito naging hadlang upang magsikap at patuloy na magtiwala sa Diyos ang pamilya ni Clara. Naranasan ni Clara at ng kanyang buong pamilya ang kabutihan at katapatan ng Diyos. Hindi Niya sila pinabayaan, bagkos ay pinagpala Niya sila .

Anong pangako ng Diyos ang iyong pinaniniwalaan?

_____

_____

D. Memory Verse:
Huwag kayong mag-alala sa anumang bagay. Sa halip, ilapit sa Diyos ang lahat ng pangangailangan ninyo sa pamamagitan ng panalangin na may pasasalamat. Filipos 4:6